



Panatilihing secure ang iyong mga account at serbisyo

- ◆ Huwag tulungan ang iba para pangasiwaan ang pera o mga asset na hindi mo pagmamay-ari
- ◆ Huwag payagan ang ibang patakbuhan ang iyong account nang wala ang pahintulot mo
- ◆ Huwag ibahagi sa iba ang iyong mga personal na detalye, impormasyon ng account, panseguridad na device, ID at password sa internet banking, ATM card, credit card, Card Verification Value o cheque book
- ◆ Huwag magtalaga ng upa, magbigay ng anumang sub-lease o magbahagi sa iba ng paggamit ng iyong safe deposit box
- ◆ Huwag gamitin ang iyong safe deposit box sa ilegal na paraan, o mag-imbak ng mga nakakahamak na item gaya ng mga sumasabog o nangangalawang na materyal. Huwag itong gamitin sa anumang paraan na maaaring makaistorbo sa iba. Kung sakaling magkaroon ng paglabag sa mga nauugnay na tuntunin at kundisyon, maaaring kailanganin naming ihinto ang pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa safe deposit box
- ◆ Tiyaking walang sinuman maliban sa iyo o sa itinalaga mong deputy ang pinapahintulutang mag-access sa safe deposit box mo
- ◆ Mag-ingat laban sa mga scam sa telepono at phishing na email na nagsasabing mula ito sa mga bangko
- ◆ Tiyaking napapanahon ang seguridad ng iyong computer sa pamamagitan ng paggamit ng anti-virus software, isang secure na koneksyon sa network at proteksyon ng firewall




Ano ang maaaring mangyari kung hindi napapanahon ang iyong impormasyon ng customer?

Mahalaga ang pagkakaroon ng tumpak na impormasyon tungkol sa lahat ng ating customer para matukoy at mapigilan ang money laundering, mga mapanlokong transaksyon, at hindi pagbabayad ng tamang buwis.



- ♦ Kung wala ang iyong napapanahong impormasyon, maaari naming hilingin sa iyong **ipaliwanag ang mga transaksyon ng account** na mukhang hindi tumutugma sa kasalukuyan mong profile. Halimbawa nito ang malalaking pag-deposit nang walang sumusuportang dokumentasyon na hindi tumutugma sa iyong normal na profile ng personal na account at mahirap patunayan gaya ng malalaking wire transfer o pag-deposit ng cash
- ♦ Kung hindi maipaliwanag ang hindi karaniwang aktibidad sa iyong personal na account, wala kaming magagawa kung hindi iantala o paghigpitan ang ilang partikular na serbisyo ng pagbabangko gaya ng mga pagpapadala sa labas, o tapusin ang aming pakikipag-ugnayan sa pagbabangko sa iyo
- ♦ **Nakakatulong sa amin ang pagtugon sa aming mga kahilingan para sa impormasyon** para maunawaan ang aktibidad sa iyong mga account at matiyak na hindi biglaang maantala ang mga serbisyo o masara ang mga account
- ♦ **I-update ang iyong bangko sa lalong madaling panahon tungkol sa mga pagbabago sa iyong impormasyon** na maaaring humantong sa ibang aktibidad sa account mo – halimbawa, mga pagbabago sa mga sitwasyon ng pamilya, pagtatrabaho o bansa/teritoryo kung saan ka nakatira



Paano tayo makakapagtulungan para malabanan ang krimeng pampinansyal



Nakatuon kami para protektahan ang integridad ng sistemang pampinansyal kung saan nakadepende kaming lahat para labanan ang krimeng pampinansyal. Makakatulong sa amin ang impormasyong hiniling namin sa iyo para makamit ito.

Ano ang dapat mong gawin kung makatanggap ka ng kahilingan para sa impormasyon mula sa amin?



- ♦ Maging alerto sa mga sulat, email, at tawag mula sa amin
- ♦ Tumugon kaagad sa aming mga kahilingan para sa impormasyon
- ♦ Tiyaking kumpleto, tumpak, at napapanahon ang impormasyong ibinibigay mo sa amin
- ♦ Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pag-update ng iyong personal na impormasyon



Makipag-ugnayan sa amin

Pakibisita ang anumang branch ng HSBC sa Hong Kong o tumawag sa (852) 2233 3322 (mga customer ng HSBC Premier), (852) 2748 8333 (mga customer ng HSBC Advance) o (852) 2233 3000 (Iba pang personal na customer)

Para sa komersyal na pagbabangko, pakibisita ang anumang HSBC Business Centre o tumawag sa aming Hotline ng Serbisyo ng Komersyal na Pagbabangko sa (852) 2748 8288 (pindutin ang #-0 pagkatapos ng pagpili ng wika)



Pamamahala sa iyong bank account nang matalino

Isang gabay para sa mga personal na customer
sa Hong Kong



Paano makakatulong ang gabay na ito?

Mapoprotektahan ng tamang pamamahala ng iyong bank account at aktibidad ang salapi mo at ng buong komunidad.

Para matiyak na nananatiling matuwid ang iyong pagbabangko, at napapanatili itong ligtas laban sa panloloko at krimeng pampinansyal, nagbibigay ang gabay na ito ng mga kapaki-pakinabang na tip tungkol sa:



Paano pinakamahasay na mapamahalaan ang iyong account araw-araw



Ano ang maaaring mangyari kung hindi mapanatiling napapanahon ang iyong impormasyon ng customer



Paano tayo makakapagtulungan para malabanan ang krimeng pampinansyal

Paano pinakamahusay na mapamahalaan ang iyong account araw-araw

Narito ang ilang gawi at kasanayang makakatulong sa iyong epektibong mapamahalaan ang account mo at maprotektahan ang sarili laban sa panloloko at krimeng pampinansyal:



Panatilihing para sa personal na paggamit lang ang mga personal na account

- ♦ **Huwag gamitin ang iyong personal na account para sa negosyo**, gaya ng pagbabayad sa mga supplier o pagtanggap ng kita sa pagbebenta, dahil hindi nito katumbas ang layunin ng account at mahirap itong patunayan. Maaari ding magdulot ng panganib para sa mga bangko ang mga naturang transaksyon, dahil kamukha ito ng mga karaniwang hindi magandang aktibidad kabilang ang money laundering, panloloko o hindi pagbabayad ng tamang buwis



- ♦ Walang problema sa mga may-ari ng negosyong tumatanggap ng mga lehitimong pagbabayad sa kanilang mga personal na account mula sa kanilang mga interes sa negosyo, gaya ng kinikitang sweldo, pagbabayad mula sa sweldo ng mga director, muling pagbabayad ng mga naitalang loan ng mga director, mga dibidendo o pagbebenta o pagbili ng mga equity stake at pagbabayad ng mga personal na gastusin, basta't may wastong dokumentasyon ang mga ito



- ♦ Gumamit ng mga serbisyo ng pagbabangko ng negosyo para sa mga pangangailangan ng negosyo mo para ma-enjoy ang mga espesyal na pasilidad, produkto, at payo na hindi available sa mga personal na customer. Ang paglilipat ng kita sa pagbebenta sa iyong personal na account ay maaaring magdulot ng pagkakaiba sa mga account ng iyong negosyo at posisyon sa buwis, na malamang na makaapekto sa access nito sa mga pasilidad ng credit
- ♦ Ipaalam kaagad sa iyong bangko kung sa palagay mo ay may hindi karaniwang malalaki o madaming transaksyon sa iyong account sa loob ng partikular na tagal ng panahon – halimbawa, mga bagong pagmumulan ng pera o mga transaksyon sa mga third party

Magpanatili ng magandang record

- ♦ Regular na tingnan ang iyong mga bank account at pagtugmain ang lahat ng aktibidad sa iyong mga bank statement



- ♦ Tiyaking nagpapanatili ka ng mga record ng kita, paglilipat, at paggastos, pati na rin ng mga resibo, invoice, at sumusuportang dokumento



- ♦ Gamitin ang mga electronic na channel gaya ng mga telegraphic transfer at electronic bank transfer para sa mga transaksyon ng pagbabayad, para sa mas madaling pagsubaybay ng pinagmulan at destinasyon ng mga pondo



- ♦ Unawain ang at tumugon sa mga kailangan mong bayarang buwis. Ibigay sa amin ang iyong impormasyon tungkol sa tax residency at magpanatili ng malinis na record ng dokumentasyon ng buwis



- ♦ Kung marami kang dokumento para sa pagkakakilanlan, palaging ibigay ang parehong impormasyon ng dokumento para sa pagkakakilanlan sa iyong bangko. I-update kaagad ang iyong bangko tungkol sa anumang pagbabago sa iyong mga dokumento para sa pagkakakilanlan

